

On the Feast of Our Lady of Lourdes 2018

DIVINA GRATIAE
(MARY'S JOURNAL) VOLUME 1, ISSUE 1

# FIAT, MAGNIFICAT, STABAT

## ANG TATLONG TAGPO SA BUHAY NI MARIA AT ANG PANGAKO NG PAGLILINGKOD SA DIYOS




Ngayong taong ito, habang patuloy ang ating paghahanda sa ika-500 taon ng Kristiyanismo sa ating bansa, binibigyang pansin at halaga ng Simbahan ang buong Kaparian gayundin ang mga taong nagkonsagra ng kanilang buhay sa Diyos. Ipinagpapasalamat ng Simbahan ang ginawa nilang paghahandog ng sarili at pagtugon upang maglingkod sa Bayan ng Diyos. Ang pangakong kanilang sinumpaan at patuloy nilang tinutupad ang siyang patuloy na bumubuhay at nagpapatatag sa Simbahan.

Ang pangakong ito ng mga pari (at ng mga relihiyoso't relihiyosa) sa paglilingkod ay maihahalintulad din natin sa naging buhay at paglilingkod ng Mahal na Birhen Maria. Mula sa Anunsasyon hanggang sa paanan ng krus, nanatiling naglilingkod si Maria. Kung susumahin, maibubuod natin ang buhay ni Inang Birhen sa pamamagitan ng mga salitang ito: **Fiat, Magnificat at Stabat.**

### "Fiat"

"Fiat mihi secundum verbum tuum." "Maganap nawa sa akin ayon sa wika mo." Ito ang naging tugon ng Mahal na Birhen Maria sa balita ng Arkanghel San Gabriel na siya ay maglilihi at magiging Ina ng Manunubos. Bagama't hindi siya sigurado sa mangyayari, hindi nag-alinlangan ang Mahal na Birhen na tumugon ng pagsang-ayon at buong kababaang loob niyang tinanggap ang ibinigay na misyon ng Diyos sa kanya. **Sinasalamin ng tagpong ito sa buhay ni Maria ang unang pangako ng pagkapari: ang maglingkod ng may kababaang-loob (vow of poverty**.) Taglay ang buong pagtitiwala sa Diyos, isinusuko ng mga pari, mga relihiyoso at relihiyosa ang kanilang buong sarili upang paglingkuran ang bayan ng Diyos. Ibinibigay nila ang kanilang Fiat, ang kanilang pagsang-ayon na maging instrumento ng pagpapala ng Diyos sa mga tao.

### "Magnificat"

"Magnificat anima mea Dominum." Ang aking kaluluwa'y nagpupuri sa Panginoon. Ito ang unang linya sa awit ng papuri ni Maria matapos niyang dumalaw sa kanyang pinsang si Sta Isabel at mapuspos ng Espiritu Santo. Ang awit ng papuring ito ay patunay ng walang katumbas na **kalinisan ng puso ng Mahal na Ina**. Tanging ang taong may malinis na puso ang magagawang magpuri at magpasalamat sa Diyos para sa kagila-gilalas na ginawa ng Panginoon sa kanyang buhay. Wika nga sa Ingles,"gratitude is the memory of the heart". **Ang maglingkod ng may malinis na puso ay ang ikalawang pangako ng pagkapari (vow of chastity.)** Isang malinis na puso na nag-uudyok ng paglilingkod na walang bahid dungis ng pagmamataas o kawalang pasasalamat sa pagtitiwalang ibinigay ng Diyos. Isang malinis na puso na naghihiwalay sa kanila sa layaw ng mundo at patuloy na nagbubukas sa kanila sa grasya ng Diyos na siya nilang ibinabahagi sa mga tao.

### "Stabat"

Ang ikatlong salita ay Stabat. Ang kahulugan nito ay 'nakatayo'. Ito ay mula sa unang salita sa isang himno para sa nagdadalamhating Ina: "Stabat Mater dolorosa, iuxta crucem lacrimosa dum pendebat filius. "Ang nagdadalamhating Ina ay nakatayong umiiyak sa tabi ng krus habang ang kanyang anak ay nakabayubay rito." Larawan ng Mahal na Ina na nakatayo sa paanan ng krus. **Ito rin ang larawan ng "dakilang pagsunod" ni Maria**. Ang pagsunod na kayang magtiis ng hirap at sakit, ng luha at dalamhati. **Ito rin ang hinihingi sa ating mga pari sa ikatlong pangako: pagtalima (vow of obedience).** Ang pag-aalay ng sarili at pagtalima sa misyong iniatang sa kanila kahit pa nangangahulugan ito na kailangan nilang iwan ang kanilang pamilya at mahal sa buhay. Ang pagsunod na handang iaalay ang sarili para sa iba. Ang pagsunod kay Kristo katulad ng pagsunod ng Mahal na Ina, hanggang sa paanan ng krus! - - *Barry J. Villanueva*

# THE LITURGY OF THE EUCHARIST IN UNION WITH MARY (LEGION HANDBOOK CHAPTER 8 #3 )



Ang Catena Legionis ay dinadasal ng mga legionaryo araw-araw. Ito ang awit ng papuri ni Maria para sa Diyos noong Anunsasyon.

Our being a legionary can be compared to the process by which the bread becomes the Body of our Lord Jesus Christ and which happens during the Liturgy of the Eucharist: blessed, broken, shared.

**WE ARE BLESSED.** Everything is grace. Everything we have in this life is God's generous blessing to us. Even our legionary service is a grace. We've been chosen despite our unworthiness to serve under the banner of Mary. We should be grateful of this blessing by giving our all in the apostolate.

**BROKEN.** Despite our brokenness, the Lord gave us this wonderful mission to bring Mary to the world and lead them all to her Son, Jesus. And like in all mission we are tested and broken. We experienced difficulties. We must trust in the mercy of God and persevere. As Mary stayed at the foot of the cross when her Son was being broken for our salvation, she, too, will stay with us as we carry out our cross.

**SHARED.** And like the bread when it became the Body of Christ, we too are being shared into the world. Blessed and broken (tested) we are now ready to embark into the world and share the Good News to everyone. And as we go through this journey, Mary accompanies us. She never leaves us. She is there in our consecration, she's there at our carrying of our cross. And she is there as we are transformed to be part of the Body of Christ!

# GAWAIN NG LEGION

Isa sa natatanging gawain ng Legion ay ang "Pagdalaw" - katulad ng pagdalaw ng Mahal na Inang Maria kay Santa Isabel, unang naipamalas ng Diyos ang pagmamahal niya sa atin. Ang biyaya ng Diyos na naibahagi ni Maria kay San Juan Bautista na siyang unang tumanggap kay Hesus sa pamamagitan ng pagbisita. "ANG PRESENSIYA NI HESUS NA NANINIRAHAN KAY MARIA". Si Maria na nagbahagi ng oras at panahon upang matugunan ang pangangailangan ni Santa Isabel dahil siya ay may edad na nang siya ay nagdalang tao. Ang bawat bahagi ng ating pagdalaw sa mga tahanan, mahirap man ang ating pagdaanan, hindi man tayo ay patuluyin ay nagiging kalugod-lugod sa Diyos. Sapagkat araw-araw tayo ay kinakatok ng Panginoon upang siya ay ating tanggapin .






www.facebook.com/lomsgp

*Photo: Bro. Dom Gapayao*

# "PRAYER SPEAKS"





dear Bro,
first po ay hello :) I Hope your doing well today. Sorry po kung di ako masyadong nakakakwento sa inyo lately, naging busy lang po. Pero I know na alam niyo po kasi palagi niyo naman akong nakikita. Salamat po sa pag-gabay kahit minsan ay nakakalimot, Salamat sa hindi pagkalimot at sa walang sawang pagmamahal kahit hindi masuklian. Bro, pakibantayan niyo po akong palagi, isama niyo na po ang lahat ng mga mahal ko sa Buhay :) Salamat sa biyayang Buhay. Kayo na po ang bahala saan man ako makarating, samahan niyo po akong palagi...
2/9/18




IF YOU WANT YOUR PRAYER TO BE PUBLISHED message us on www.facebook.com/lomsgp

## Ang Legion ni Maria

Nagsimula sa Dublin, Ireland noong taong 1921 sa pamumuno ni Frank Duff bilang isang Marian Movement; sa kasalukuyan ang Legion ni Maria ay may mahigit na sampung milyong miyembro sa buong mundo. Ang misyon ng organisasyon na ito ay ang magsibli sa Diyos tulad ng pagsisibli ni Maria sa Kanya. (*To serve God under the banner of Mary*). Sa madaling salita, ang layunin ng Legion ay panatilihin ang kabanalan ng mga miyembro sa pamamagitan ng pagdarasal at pag-gawa.

Gaya ng iba pang organisasyon, ang pagiging miyembro ng Legion ni Maria ay boluntaryo. Ang pagsali dito ay dumadaan sa tinatawag na *Praesidium*. Ang isang *Praesidium* ay nagdadaos ng pagpupulong isang beses isang linggo at sa pagpupulong na ito ang mga miyembro ay nagdarasal, nagdidiskusyon ng babasahin, at nag-uulat ng mga gawain. Ang mga gawain ay partisipasyon sa buhay pamparokya o *Parish Life*. May pagbisita sa mga pamilya, pagbisita sa may sakit, pagdarasal ng Rosaryo at iba pang gawaing apostolado. Ang mga miyembro ng Legion ay maasahan din ng Simbahan sa mga gawaing pang misyon.

Higit sa lahat, ang Legion ay naghahangad na maipahayag ang pagiging Banal na Ina ni Maria kay Hesus. Sa pamamagitan nito, mas mapapalapit ang mga miyembro kay Hesus at kapag ang miyembro ay malapit na kay Hesus, siya naman ang gagawa ng aksyon upang mahingkayat ang iba pang Katokilo, at maski ang mga hindi Katoliko (*conversion*), upang mapalapit rin sa Kanya.

Sa kabila ng hindi direktang pagsisilbi sa loob ng Santa Misa, ang Legion ni Maria ay kagaya rin ng ibang organisasyon. May nabubuo rin ditong pagkakaibigan at pamilya. Bukod sa pag-gawa ng mga *works*, mayroon ding mga *outdoor functions*, *diocesan activities*, at maari ding magkaroon ng mga aktibidad na pang national. Sa Legion ni Maria, ang mga miyembro ay makakapag bahagi sa gawain ng Simbahan; napapanatili ang kanilang *personal* sanctification; mas makikilala si Hesus sa pamamagitan ng kaniyang Ina na si Maria; at higit sa lahat mas napapalapit sa Diyos Ama.

Reference: http://www.legionofmary.ie/about/



Founder of the Legion of Mary, **FRANK DUFF** was born in Dublin, Ireland, on June 7, 1889. He entered the Civil Service at the age of 18. At 24 he joined the Society of St. Vincent de Paul where he was led to a deeper commitment to his Catholic faith and at the same time he acquired a great sensitivity to the needs of the poor and underprivileged.

Along with a group of Catholic women and Fr. Michael Toher, Dublin Archdiocese, he formed the first praesidium of the Legion of Mary on September 7, 1921. From that date until his death, November 7, 1980, he guided the world-wide extension of the Legion with heroic dedication. He attended the Second Vatican Council as a lay observer.

His profound insights into the role of the Blessed Virgin in the plan of Redemption, as also into the role of the lay faithful in the mission of the Church, are reflected in the Legion Handbook which is almost entirely his composition.

=============================

(Prayer for the Beatification of Frank Duff)

God our Father, You inspired your servant Frank Duff with a profound insight into the mystery of Your Church, the Body of Christ, and of the place of Mary the Mother of Jesus in this mystery.

In his immense desire to share this insight with others and in filial dependence on Mary he formed her Legion to be a sign of her maternal love for the world and a means of enlisting all her children in the Church's evangelizing work.

We thank you Father for the graces conferred on him and for the benefits accruing to the Church from his courageous and shining faith. With confidence we beg You that through his intercession you grant the petition we lay before You *(your prayer)* We ask too that if it be in accordance with Your will, the holiness of his life may be acknowledged by the Church for the glory of your Name, through Christ Our Lord, Amen.

# Legion of Mary

If you like to join the Legion of Mary, contact your parish unit through:

**Senior Praesidium**
(18 years old and above)

**MATER DIVINA GRATIAE** – Sunday at 11:00am / San Guillermo Parish

**BANAL NA INA NG DIYOS** – Sunday at 9:00am / San Joaquin Chapel

**Junior Preasidium**
(12 to 17 years old)

**QUEEN OF PEACE** – Sunday at 10:30am / San Guillermo Parish,

**INA NG KAPAYAPAAN** – Sunday at 10:30 am / San Joaquin Chapel

